Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG MARSO 12, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Jun M. Asinas ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........ | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco ........ | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Bryan R. Lateo ........ | Kagawad |
| Kgg. Narciso A. Cayos ........ | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

### KAPASIYAHAN BLG. 065-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 02-T2007 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 02-T'2007 NG BARANGAY OOGONG, BAYANG ITO NA NAGPAPATIBAY NG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON ISANG DAAN SIYAMNAPU'T SIYAM NA LIBO LIMANG DAAN APATNAPU'T WALONG PISO AT DALAWANG SENTIMOS (P1,199,548.02).**

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 02-T2007 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 02-T'2007 ng Sangguniang Barangay ng Oogong na nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2007 ng nabanggit na barangay;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan.

SAPAGKA'T, anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sang. Brgy. ng Oogong.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jun M. Asinas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Virgilio T. Ciriaco at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 02-T2007 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 02-T2007 ng Barangay Oogong, bayang ito na nagpapatibay ng Taunang Badyet para sa taong ito na nagkakahalaga ng P1,199,548.02.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Brgy. Oogong, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan